



## INILABAS NA BALITA

**ILALABAS KAAGAD:** Enero 3, 2018

**KOKONTAKIN:** Ralph Borrmann - 415.749.4900

### **Inayos ng Distrito ng Hangin ang kaso na kinasasangkutan ng Tesoro Refining & Marketing Co.**

*Magbabayad ang refinery ng \$915,700 para sa 51 paglabag sa kalidad ng hangin*

**SAN FRANCISCO** – Inanunsyo ngayong araw ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area na pumayag ang Tesoro Refining & Marketing Co. na magbayad ng \$915,700 para maayos ang mga paglabag sa kalidad ng hangin sa Golden Eagle Refinery nito sa Martinez.

Sinasakop ng pag-aayos ang 51 paunawa ng paglabag na ibinigay sa Tesoro para sa hindi pagsunod sa refinery nito noong 2013 at 2014. Inayos kaagad ang mga paglabag na humantong sa pag-aayos na ito pagkatapos itong malaman.

“Ang mga refinery sa Bay Area ay mahigpit na pinasusunod sa mga regulasyon ng kalidad ng hangin sa bansa upang protektahan ang kalusugan ng mga komunidad sa paligid,” ang sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Ang Distrito ng Hangin ay mayroong responsibilidad sa pagprotekta sa pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng paghiling sa mga pasilidad na sumunod sa mga regulasyon ng kalidad ng hangin at gawin ang mga kinakailangang pagbabago upang matiyak na hindi mangyayari muli ang mga paglabag.”

Kabilang sa 51 paglabag sa kalidad ng hangin ang:

- Dalawang paunawa ng paglabag na may kaugnayan sa mga sunog.
- Ang anim na paglabag ng mga pamantayan sa emisyon ay inuugnay sa mga pagkawala ng kuryente sa refinery na naiwasan sana, kabilang ang pagkaantala sa kuryente sa isang power substation at naidulot na pagkawala pagkatapos magkabit ng bagong proteksyon laban sa biglaang paglakas ng kuryente (surge protector).
- Ang dalawang paglabag ay sanhi ng hindi sapat na pagpapanatili sa rack sa pagkakarga ng trak ng Tesoro.
- Hindi pumasa ang Tesoro sa siyam na pagsusuri ng pinagkukunan ng kagamitan sa refinery, kabilang ang mga pagsusuri ng makina, furnace at boiler, kung saan ang lahat ng ito ay nagpapakita ng labis na emisyon ng mga nagpaparumi ng hangin.

- Kabilang sa iba pang paglabag ang paglabag para sa likidong produktong gasolina na nakita sa itaas ng tangkeng imbakan pagkatapos masira ang maraming pansara ng tangke, paglabag para sa tumatagas na mga balbula para maiwasan ang presyon sa isa pang tangke at pangatlong paglabag para sa mga puwang sa pansara ng tangke.
- Kabilang din sa grupo ng mga paunawa ng paglabag ang 16 na paglabag ng mga pamantayan sa emisyon at 13 paglabag sa pagsubaybay at pag-uulat.

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

# # #

---

*Opisina ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)*